*Mayo 6*

## SAN JUAN EBANGHELISTA SA HARAP NG PINTUANG LATIN*

*Doblemayor • Puti*

*Mula sa* Para sa Iisang Martir sa Panahon ng Pascua "Protexísti," *maliban sa mga sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui cónspicis, quia nos úndique mala nostra pertúrbant: præsta, quǽsumus; ut beáti Joánnis Apóstoli tui et Evangelístæ intercéssio gloriósa nos prótegat. Per Dóminum.

**O DIOS**, nakikita mong binabata kami ng iba't ibang ligalig at kasamaan: isinasamo namin sa Iyo, pakundangan sa maluwalhati Mong Apostol at Ebanghelista na si San Juan, nawa'y kami'y Iyong ipangsanggalang. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### DAKILANG ALELUYA • *Ps 91:13; Ps 14:6*

**Allelúia, allelúia.** *V.* Justus ut palma florébit : sicut cedrus, quæ in Líbano est, multiplicábitur.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Ang matuwid na tao'y na tao'y yayabong na parang palmera, at darami tulad ng isang sedro sa Libano.

**Alleluia.** *V.* Justus germinábit sicut lílium : et florébit in ætérnum ante Dóminum. **Alleluia.**

**Aleluya.** *V.* Ang matuwid na tao'y lalago na parang azucena, at yayabong kailanman sa harap ng Poong Mahal. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Mt 20:20-23*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Lumapit kay Jesus ang asawa ni Zebedeo, kasama ang dalawa niyang anak na lalaki. Lumuhod siya sa harapan ni Jesus upang sabihin ang kanyang kahilingan. At sinabi niya sa kanya, "Ano ang ibig mo?" Sumagot siya, "Kapag naghahari na po kayo, paupuin ninyo sa inyong tabi ang dalawa kong anak, isa sa kanan at isa sa kaliwa." "Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi," sabi ni Jesus sa kanila. "Kaya ba ninyong tiisin ang hirap na malapit ko nang danasin?" "Opo," tugon nila. At sinabi ni Jesus, "Daranasin nga ninyo ang hirap na titiisin ko. Ngunit wala sa akin ang pagpapasya kung sino ang mauupo sa aking kanan at sa aking kaliwa. Ang mga upuang iyo'y para sa pinaglalaanan ng aking Ama." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**MUNERIBUS** nostris, quaésumus, Dómine, precibúsque suscéptis: et cæléstibus nos munda mystériis, et cleménter exáudi. Per Dóminum.

**TANGGAPIN** Mo, Panginoon, hinihiling namin, ang mga alay at panalangin ng iyong bayan, at sa bisa ng makalangit na misteryong ito, kami nawa'y maging dalisay, at pakinggan kami sa iyong habag. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**REFECTI,** Dómine, pane cœlésti: ad vitam, quǽsumus, nutriámur ætérnam. Per Dóminum.

**PINAGINHAWA** nitong tinapay buhat sa langit, O Panginoon, nawa'y kami'y iyong busugin pa sa buhay na walang hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Mayo 7*

## SAN ESTANISLAO Obispo, Martir

*III cl. • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa Iisang Martir sa Panahon ng Pascua "Protexísti," *maliban sa mga sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** pro cujus honóre gloriósus Póntifex Stanisláus gládiis impiórum occúbuit: præsta, quǽsumus; ut omnes, qui ejus implórant auxílium, petitiónis suæ salutárem consequántur efféctum. Per Dóminum.

**O DIOS,** para sa Iyong karangalan, dumanak ang dugo ng iyong maluwalhating Obispong si San Estanislao sa kamay ng mga masasamang tao: isinasamo namin sa Iyo, na ang lahat ng humihingi ng kaniyang tulong ay matanggap ang nakaliligtas na tugon sa dalangin ng iyong bayan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*